EASY LANG ANG KOMPOSTING

Bais City, Negros Oriental

IBA'T-IBANG PARAAN SA PAGGAWA NG KOMPOST

Ang kompost ay organic material na may lamang pampatabang-lupa. Galing ito sa mga pinagtabasan ng gulay, balat ng prutas, winalis na dahon, dame, at iba pang nabubulok na bagay. Ang kompost ay nakabu-buti sa lupa, 'di tulad ng abanong kemikal na nakasasama sa pangmatagalang gamit.

Sundin lang ang sumusunod na mga hakbang para gumawa ng kompost sa bakuran...

GAGAMITIN: Pira-pirasong sanga ng kahoy, dahon, dame, kusot, lupa, dumi ng alagang hayop (tiyaking walang sakit ang mga ito) o kaya'y dahon ng ipil-ipil o kakawate (pinangga-galingan ng nitrogen para sa mikrobyo), pinagbalatan at pinagtabasan ng prutas at gulay.

Pagko-kompost sa bahay

DI-GAGAMITIN: Mga buto-buto (baka halungkatin ng aso), mga parte ng maysakit na halaman, dumi ng maysakit na hayop

Humanap ng lugar na madaling paglagyan ng organikong materyales, mas mainam yung may lilim. Ang sukat ng lugar ay depende sa pangangailangan.

Step 1: Sa lugar na napili (tiyaking ang ilalim nito ay lupa), pagpatong-patungin ang pira-pirasong sanga ng kahoy (kahit iba't-ibang haba, okey lang). Ito ay para makapasok ang hangin sa kinakompost na materyal.

Step 2: Ilagay ang pinaghalong dahon, damo, balat ng prutas, lantang gulay, kusot, atbp. Dapat ay mamasa-masa ito. Kung kailangan, wisikan ng tubig (wag lang sobra).

Tandaan: *Ang malalaking bagay ay dapat putul-putulin o gayatin upang mas mabilis ang pagkakompost.*

Step 3: Ilagay ang dumi ng hayop (ito ay pinanggagalingan din ng mikrobyo at nitrogen na kailangan sa pagkakompost) na walang sakit. Kung wala nito, pwede din ang dahon ng ipil-ipil o kakawate para magkaroon ng nitrogen ang mga mikrobyo. Wisikan ng tubig kung kailangan.

Step 4: Ilagay ang lupa (1 inch ang taas ng patong). Ang lupa ay may mikrobyo o amag na nagpapabilis ng pagkakompost. Ang dami ng lupa ay nasa 20% ng kabuuang kompost.

Kung maraming iko-kompost, ulitin ang proseso (mula sa Step 2) hanggang sa ang pinagpatong-patong na basura at ibang sangkap ay umabot sa isang metro ang taas. Kung okey na, takpan ito ng dahon ng saging o bunton ng dayami para di madaling pasukin ng tubig ulan; at para makulob ang init na kailangan upang mapabilis ang pag-kompost.

Makaraan ang 5-6 na linggo, haluin ang kinakompost (ang paghalo ay mula sa tabi ng bunton papunta sa gitna). Gawin ito minsan isang linggo (o higit pa kung kailangan) para mapabilis ang pagkakompost. Wisikan ng tubig tuwing kailangan.

Ang kompost ay maaari nang gamitin kung ito ay maitim at amoy lupa na at malamig na sa pakiramdam (ito ay nangyayari makaraan ang 3 buwan).

Pagpatungin ang mga lumang gulong at dito ilagay ang ikokompost. Sundin ang prosesong ikinuwento kanina. Lagyan ng mga bagay na gaya ng kahoy sa pagitan ng mga gulong para makapasok ang hangin. Kung ipapatong ang mga gulong sa sementadong sahig, lagyan ng lupa sa ilalim.

Gulong na patong-patong

Maaari ding gumamit ng lumang drum at lalagyan ng tubig (tanggalin ang ilalim) o mga lumang sako, tiklis o fish net na wala nang tahi sa ilalim, at may support na maliliit na sanga ng kahoy sa ilalim. Sundin uli ang prosesong kinuwento kanina. Lagyan ng daluyan ng hangin.

Kompost[illegible] na walan[illegible] ilalim

Paggamit ng mga paso

Maghanda ng 10 paso at isa-isang gamitin. Lagyan ng pinaghalong lupa, dahon, kusot, at iba pa ang paso, kasunod ang tinadtad na mga basurang nabubulok. Lagyan uli ng pinaghalong lupa, dahon, atbp. Kung napuno na ang ika-10 paso, tingnan ang laman ng unang paso kung pwede na itong gamitin. Minsan, mabilis and pagkokompost kung ito ay kaunti lamang

'Pag tayo'y nag-kompost, malaki ang mababawas sa itatapong basura. Lilinis ang paligid, may magagamit tayo sa ating mga tanim at matutulungan pa natin ang gobyernong makatipid -- dahil mahal ang serbisyo sa pangongolekta ng basura at paggawa ng malaking disposal facility. Mag-kompost tayo, kayang-kaya natin ito.

Tandaan

1) Putulin o gayatin nang maliliit ang mga basura upang mas mabilis mabulok.
2) Huwag magsiga malapit sa kompost. Maaring mamatay ang mga organismo o mikrobyong nagpapabilis ng pagkompost.
3) Panatilihing mamasa-masa ang kompost; wisikan ng tubig kung kailangan.
4) Dapat may daluyan ng hangin.
5) Siguraduhing may lupa sa ilalim ng iko-kompost.

Haluan at tabunan ng lupa ang kompost. Ang lupa ay may likas na mikrobyo na kailangan sa komposting. Ang dami ng lupa ay dapat na 20% man lamang ng kabuuan ng kompost.

Maramihang pagkokompost

Para sa maramihang pagkokompost, maaring gumamit ng kawayan, mga gulong, screen/chicken wire mesh, o kaya ay hollow blocks. Idisenyo ang mga composting bins na magkaroon ng daluyan ng hangin.

Bais City, Negros Oriental

Jagna, Bohol

Duero, Bohol

Para sa karagdagang impormasyon:

USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE

EcoGov